Suspensiyon ng Klase sa Pam-publikong Elementarya at High School at pasok sa mga Ahensiya ng Lokal na Pamahalaan ng General Trias

Ipinagbibigay-alam sa lahat na bukas, September 28, 2009, Lunes ay walang pasok sa mga pam-publikong paaralan sa elementarya at high school. Wala rin pasok sa mga ahensiya ng lokal na pamahalaan ng General Trias maliban sa Municipal Police Station, Bureau of Fire Protection, ibang ahensiya ng National Government at mga departamentong naatasang mag-antabay ngayong panahon ng kalamidad. Ang normal na operasyon ng munisipiyo ay manunumbalik sa Martes, September 29, 2009. Ang pag-suspinde ng pasok ay ginawa upang mag-bigay daan sa pagsasaayos at pag-lilinis ng ating bayan na nasalanta ng bagyong Ondoy.

Para sa karagdagang impormasyon maaring tumawag sa Municipal Information Office (0923) 454-3536 o magtext sa Serbisyo 24/7 Text Hotline (0922) 888-4363.

Maraming Salamat Po !